# TAGALOG SA MODERNONG PANAHON

*by:*
**OLIVER T. MAGTALAS**
*Teacher III, Limay National High School*

Madalas ang mga bagong silang at mga kabataan sa panahon ngayon ay sanay at mas matatas magsalita ng wikang ingles dahil sa mga programa na kanilang napapanood sa telebisyon o selpon. Sa pag-apak natin sa modernong panahon, na kung saan pawang Ingles o kadalasan ay wikang banyaga ang ginagagamit at nakikita sa mga makabagong teknolohiya, gaya ng kompyuter, mga elektrikal na kagamitan sa ating mga tahanan, kasama na rin ang mga trabaho at makabagong mundo na ating ginagalawan, huwag sana nating limutin ang mga katutubong wika na sa dugo at isip natin nananalaytay. Bagkus, ito ay mas lalo pa nating pagyabungin, taas noong gamitin at ipagmalaki ang wika natin upang ang mga kabataan sa bagong henerasyon ay pumaris sa atin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gayunpaman, nararapat lamang na patuloy na gawin at pag-ibayuhin pa ang mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon patungkol sa pagtuturo ng wikang tagalog sa bawat paaralan o anumang dayalekto na ginagamit sa isang kumonidad upang maiwasan ang pagkawala nito sa sirkulasyon. Tulad na lamang ng Asignaturang Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) sa elementarya na may layuning mas patibayin at palakasin ang pondasyon ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin. Sa Asignaturang ito ay ginagamit ang mga wika o dayalekto na kanilang nakasanayan base sa rehiyon na kanilang kinabibilangan. Sa Sekondarya naman nararapat pang pag-ibayuhin ang wikang Filipino na ginagamit sa pagtuturo ng mga asignatura.

Sa aking palagay, bilang isang guro, mainam rin na gumamit ng wikang Tagalog sa pagtuturo ng mga Asignaturang Matematika, Agham at Ingles kahit na ang mga

asignaturang ito ay nangangailangan ng wikang Ingles sa pagtuturo. Sa pamamaraang ito, mas nabibigyang diin at naiintindihan ng mga mag-aaral ang konsepto na itinuturo. Nagkakaroon din ng mas mataas na kompyansa sa sarili ang mga mag-aaral na ipaliwanag ang kanilang mga kasagutan gamit ang wikang Tagalog. Nagkakaroon din ng kawilihan ang mga mag-aaral sa tuwing isinasalin sa wikang tagalog ang ilan sa mga terminolohiyang ginagamit sa ibang mga asignatura. Nakatutulong din ito upang mas tumaas ang intelektwal na kaalaman ng mga mag-aaral.

Kaya naman, nararapat lamang na patuloy na tangkilikin ang mga wikang katutubo dahil ito ay nagsisislbing susi sa pag-unlad ng bansa hindi lamang sa larangan ng panitikan kundi na rin sa siyensiya at teknolohiya. Maari rin tayong makabuo ng isang pag-aaral o pananaliksik gamit ang katutubong wika. Makatutulong din ito upang mas lumawak ang kaalaman patungkol sa historya at kultura ng mga lokal o lugar sa bansa. Ito rin ay nagsisilbing kayamanan ng bansa na hindi matutumbasan ng anumang halaga ng salapi.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nawa'y sa patuloy na pag-usad ng panahon ay patuloy ding yumabong ang wikang katutubo, sa tulong ng gobyerno at iba't ibang ahensya kabilang ang Sektor ng Edukasyon ay maari tayong gumawa ng aksyon upang mapreserba ang katutubong wika, paggawa ng diksiyonaryo na naglalaman ng mga wikang katutubo, at mga pagsasanay sa pagsulat gamit ang mga dayalekto. Magagawa at nakakamit natin ito sa pagtutulungan, pagkakaisa at pagtangkilik sa wikang sariling atin,

Sa kabuoan, marami at magkakaiba man ang mga dayalektong ginagamit ng iba't ibang rehiyon sa buong bansa, mayroon pa ring wikang Tagalog na nagsisilbing lingua franca ng bawat isa na syang nagsisilbing tulay upang magpatuloy ang komunikasyon na syang nagbubuklod sa bawat Pilipino.

*References:*

https://www.researchgate.net/publication/376650750_Wikang_Filipino_Tulay_sa_Pag-unawa_ng_Magaaral_sa_mga_Asignaturang_Nakahanay_sa_Wikang_Ingles

https://www.researchgate.net/publication/373511967_Ang_Gamit_at_Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Pagtuturo_ng_Agham_Panayam_kay_Prop_Fortunato_Sevilla_III

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan